# Si Dina
# Ang Mabait na Daga




Kwento ni:
Elaiza Y. Calooy

Guhit ni:
Shane Reza M. Amath



*Pamantayan sa Pagkatuto*

Nakapaloob dito ang sumusunod na kasanayan na dapat linangin sa mga mag-aaral batay sa pambansang Kurikulum Kindergarten.

Nakasusunod sa mga utos/gawain nang maayos at maluwag sa kalooban. Code - KAKPS-00-5

Naisasabuhay ang pagtutulungan ng pamilya. Code - KMKPPam-00-5



## Development Team


Kuwento ni: **Elaiza Y. Calooy**

Guhit at Lapat ni: **Shane Reza M. Amath**

Learning Resource Manager:

**Ruby M. Jimenez, PhD**
*Learning Resources Management and Development Section, EPS-I*


**Pampanga**

# Si Dina

# Ang Mabait na Daga





Nakatira sa isang malawak na kabukiran ang pamilya ni Dina Daga. Mabait siya, matulungin at masipag na daga.




Ang panganay ay si Digong Daga, sumunod si Ditang Daga at si Dina naman ang bunso.



Araw-araw na lamang naglalaro, kumakanta at sumasayaw ang mga kapatid ni Dina.



Samantalang si Dina, si Tatay Daga at si Nanay Daga ay laging nagtutulungan sa mga gawaing bahay.



“Digong, Dita at Dina aalis muna kami ng inyong tatay. Pupunta muna kami sa palengke,” ang wika ni Nanay Daga.



“Maglinis kayo ng bahay para pagdating namin ng tatay ninyo ay kakain na tayo,” dagdag pa ni Nanay Daga.



“Opo nanay makakaasa po kayo,” masayang wika ni Dina. Bago umalis ang mga magulang niyakap pa niya ang mga ito.



Ang kanyang mga kapatid na walang pakialam ay patuloy na naglalaro, kumakanta at sumasayaw.



Habang wala ang mga magulang ay masayang naghuhugas ng mga plato at naglinis ng bahay ang masunuring si Dina.



Pagdating ng mag-asawang daga sa kanilang bahay, nakita nila ang ginawa ni Dina. Pinuri nila ito at pinasalamatan.



“Laging si Dina na lang ang pinupuri ninyo. Kami ni Kuya Digong ang laging pasaway!” pagalit na wika ni Dita.



“Oo nga, si Dina na lang lagi ang mabait at masunuring anak ninyo!” dagdag pa ni Digong.



Labis na ikinalungkot ni Tatay Daga at Nanay Daga ang ugali ng dalawa nilang anak.



Isang gabi, kinailangan ni Tatay Daga na lumabas sa kanilang bahay para tingnan ang kanilang mga pananim na gulay.



Nasira ang mga pananim ni Tatay Daga dahil sa napakalakas na ulan at hangin. Nalungkot si Tatay Daga sa nasaksihan.



Dahil sa nangyari, kinailangan ni Tatay Daga na magtrabaho sa ibang bayan. Malayo sa kanyang pamilya.



Parang pinagsakluban ng langit at lupa sina Nanay Daga at Dina sa paglisan ng kanilang masipag na Tatay Daga.



Sina Digong at Dita ay wala namang pakialam sa pag-alis ng kanilang butihing tatay.



Isang araw, nawasak ang tirahan nina Dina dahil sa malakas na bagyo na tumama sa kanilang lugar.



Nagpalipat-lipat ng tirahan ang pamilya ni Dina. "Nanay, kailan po kaya uuwi si tatay?" umiiyak na tanong ni Dina.



“Huwag kang mag-alala anak, pagdating ng tatay ninyo magkakaroon na tayo ng bagong bahay,” ang sabi ni Nanay Daga.



Lumipas ang ilang araw, umuwi na si Tatay Daga. Nagtulong-tulong sila para itayo ang bago nilang bahay.



Habang nag-aagahan ang mag-anak, biglang nagsalita si Digong. “Patawad po sa pagkakamali namin ni Dita,” ang wika ni Digong.



“Ako rin po ay humihingi ng tawad sa inyo!” ang wika rin ni Dita.



"Wala iyon mga anak. Inaasahan namin ng inyong nanay ang inyong pagbabago," maluha-luhang wika ni Tatay Daga.




Naging katulong na ni Dina ang kanyang mga kapatid sa paglilinis ng kanilang munting tahanan.



Masayang-masaya sina Tatay Daga at Nanay Daga sa kanilang mga anak.



Mula noon ay namuhay sila nang masaya at mapayapa.



## TUNGKOL SA MAY-AKDA, TAGAGUHIT AT TAGALAPAT

**ELAIZA Y. CALOOY:**
Kasalukuyang nagtuturo sa
San Carlos Elementary School,
San Carlos, San Luis, Pampanga
bilang Teacher III

**SHANE REZA M. AMATH:**
Kasalukuyang nagtuturo sa
Gerry H. Rodriguez High School,
Divisoria, Mexico, Pampanga
bilang Teacher I

Si Dina ay isang mabait, matulungin at masipag na daga. Mahal na mahal niya ang kanyang pamilya. Siya ang laging pinupuri ng kanyang mga magulang dahil sa kanyang ugali. Dahil dito, labis siyang kinainggitan ng kanyang mga kapatid.

Bakit si Dina ang laging pinupuri ng kanyang mga magulang?

Ano ang ugaling mayroon ang mga kapatid ni Dina?

Anong bagay o pangyayari ang nagpabago sa mga kapatid ni Dina?

